| | |
|---|---|
| Headline | UHC pilay kung walang dagdag-buwis — DOF |
| MediaTitle | Abante Online (www.abante.com.ph) |
| Date | 27 May 2019 |
| Section | NEWS |
| Order Rank | 2 |
| Language | English |
| Journalist | N/A |
| Frequency | Daily |

# UHC pilay kung walang dagdag-buwis — DOF

NANAWAGAN si Finance Secretary Carlos Dominguez III sa mga senador ngayon na paspasan na ang pag-apruba ng panibagong pagtataas ng buwis para mapondohan ang kakulangan ng pondo sa Universal Health Care program.

Nais ni Dominguez na ipasa ng mga senador ang pagtataas ng excise tax sa sigarilyo at alak bago umupo ang mga bagong senador na puro kaalyado ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Kapapasa lang ng Kongreso ng TRAIN Law nu’ng 2018 kung saan nagtaas ang excise tax sa mga soft drink at produktong petrolyo na nagpamahal sa mga presyo ng bilihin.